

Tapat na Handog Sa

PILIPINA



Bulaklak ng Bayang Pilipinas

Proyekto Bilang 2 ni: Abdullah Ar-Rajhi
Iwinasto sa wikang Arabik ni: Muhammad Taha Ali
Isinalin sa Tagalog ni : Ahmad Jibreel Salas

Ang Babaing Pilipina. *Taglay mo ang mga katangiang sumasagisag sa iyong pinagmulang lahi-- mayumi, mahinhin, at marangal. May pagmamalasakit sa iyong magulang, kapatid, kapwa-tao at sa buong bayan.*

Ang Babaing Pilipina. *May likas na pananalig at takot sa Maykapal. May damdamin ng pagtitiis at pagmamahal. May kakaibang ugali at kaaya-ayang asal. Masunuring anak, mapaglingkod sa asawa, mabait sa magulang at mga kapatid.*

Ang Babaing Pilipina. *May pusong lubhang mapagparaya nguni't maramdamin at may kababaang-loob. Kahit sa gitna ng karukhaan, pilit na bumabangon at matatag na inaabot ang hamon ng buhay.*

Ang Babaing Pilipina. *Ikaw ay mula sa bayan ng magigiting at mararangal na mamamayan. Tunay nga na ikaw ay isang Perlas ng Silangan.*

O, Mayuming Pilipina. Alam mo ba kung bakit may maganda kang pag-uugali at mabuting asal na katulad ng isang babaing Muslim? Sapagka't bilang Pilipina, ikaw ay nag-ugat sa lahing Muslim, lahing may dangal at may likas na pagkilala at pagsamba sa Poong Maykapal. Ang pinagmulan mo ay Islam-ang tunay na pamana ng ating lahi. Naaalaala mo pa ba ang iyong kasaysayan? Naaalaala mo pa ba kung paano tayo sinakop, kung paano tayo nilupig, at kung paano tayo inilayo sa ating pinag-ugatang lahi at pananampalataya?

Sa dating relihiyon ng ating mga ninuno; ang Islam, ay iyong matatagpuan ang isang bagong daigdig ng mga natatagong yaman ng karunungan at kaalaman na papatnubay sa iyo sa landas ng buhay, pagyayamanin at pauunlarin ang iyong kaisipan at mga gawain. Sa ating pinagmulang relihiyon, iyong matatamo ang liwanag na tatanglaw sa malalim na kalamnan ng iyong kaluluwa, damdamin, at puso upang iyong madama ang isang higit pang makabuluhang pagtahak sa masalimuot na agos ng buhay at sa dako pa roon ng walang hanggang buhay.

Ang maikling babasahing ito ay inihahandog sa iyo nang buong puso at may katapatan upang pukawing muli ang alab ng iyong puso mula sa naiwan at nalimutang pinagmulan ng ating lahi.

Ang paanyayang ito ay para sa iyo bilang natatanging handog. Kahit isang saglit lamang, huwag mong ipagkait sa iyong sarili ang dating duyan ng iyong pagsinta at pagmamahal. Baka sakali sa iyong paggunita ay muli kang magbalik sa dating mapayapa at malinis na pamumuhay ng dating Dakilang Bayan.

ISANG BUKAS NA LIHAM

Kay tagal ko ng inaasam-asam na makapagsulat ng isang bukas na liham para sa mga kababaihang Pilipina upang ihandog sa kanila ang dating relihiyon ng ating lahi. Nais kong bigyang liwanag ang kaugalian ng isang matuwid na babaing Muslim na namumuhay ayon sa aral ng kanyang relihiyon, nauunawaan ang mga itinuturo nito, sumusunod sa mga kautusan at nananatili sa mga hangganang itinakda ng Islam. Ang aking pagnanais na makapagsulat ng isang lathalain para sa kababaihang Pilipina ay sadyang mahalaga sapagka't aking nakikita sa kanila ang ilang magagandang ugali ng isang mabuting Muslim. Marahil, bunga na rin ito ng minanang ugali at asal. At kung mayroon namang kababaihang Pilipina na lubhang malayo ang loob sa relihiyong Islam, maaaring ito ay bunga ng mga karanasang nakita nila sa mga nagpapabayang Muslim. Dapat ding bigyang-diin dito ang magandang ugali at asal ng mga Pilipina lalo na sa pakikipag-ugnayan sa kapwa at higit sa lahat ang pagiging mabuti sa kanilang magulang, asawa, anak, kamag-anakan at maging sa kanilang lipunan.

Ang batayan ng Islam ay ang Banal na Qur'an, ang panghuling pahayag ng Allah at Sunnah ng Kanyang Sugo. Ito ang mga batayan sa tunay na ugali at asal na dapat isabuhay ng isang Muslim kaugnay ng kanyang tungkulin sa Dakilang Maykapal. Ang kanyang pansariling kaunlaran, ang kanyang kaugnayan sa ibang tao at sa kanyang lipunang kinabibilangan. Ito ang nais kong ipaliwanag sa mga kababaihang Pilipina. Ang tungkulin ng babaing Muslim sa kanyang Panginoon, sa kanyang mga magulang, sa kanyang asawa at mga anak, sa mga kamag-anakan, at sa kanyang Lipunan.

Sinuman ang nagtangkang magsikhay upang pag-aralan ang Islam ay kanyang matutunghayan na sakop nito ang malawak na aspeto ng buhay ng isang tao, lalaki man o babae. Ito ay isang pamumuhay batay sa isang pantay, makatarungan, matuwid, at makadiyos na batas na nagbibigay katiyakan sa kaligayahan at tagumpay sa mundong ito at maging sa kabilang buhay.

Ang paglalarawan ng babaing Muslim ay nagpapakita kung paano kinikilala ng Islam ang katayuan ng babae. Siya ay inilagay sa isang kalagayang kagalang-galang, at kapita-pitagan kaakibat ng pagmamahal, paglingap at mga karapatang dapat niyang makamtan bilang isang nilikhang may tungkulin at pananagutan.

Ang Tungkulin ng Babaing Muslim bilang isang Tunay na Mananampalataya sa Dakilang Maykapal.

Ang isang napakagandang katangian ng isang babaing Muslim ay ang kanyang tapat at wagas na pananalig at pananampalataya sa Dakilang Maykapal na Siyang tunay niyang Panginoon. Bukod sa mga kautusang natutunghayan sa Banal na Qur'an, marami ring kasaysayan ang maaaring makapukaw ng damdaming makadiyos para sa mga babae. Ilan sa aking babanggitin ay ang kadakilaan ng Ina ni Hesus, si Birhen Maria (Maryam), ang kadakilaan ni Khadijah bint Khuwaylid, ang unang asawa ng huling Propeta ng Allah na si Propeta Muhammad (ﷺ). Hindi rin malilimutan ang kagandahang-loob ng bunsong anak ni Propeta Muhammad (ﷺ) na si Fatimah bint Muhammad. Sa kabila ng kapangyarihan ng kanyang ama bilang Propeta, siya ay nanatiling matiisin sa anumang kahirapan at karukhaan ng buhay. Si Aishah, ang isa sa mga asawa ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay sadyang kahanga-hanga sa kanyang angking karunungan at kawanggawa. Ang lahat ng ito ay handog ng Islam sa mga kababaihan upang maging halimbawa kung paano maging mabuti sa paningin ng tao at higit sa lahat sa mata ng Dakilang Maykapal.

Ang pananalig ng isang tunay na Muslimah (babaing Muslim) ay wagas, malinis at hindi nababahiran ng anumang uri ng kamangmangan, maling pagsamba o ng mga pamahiin. Ang kanyang paniniwala ay batay sa matibay na pananalig na walang dapat sambahin maliban sa Dakilang Maykapal (ang Allah). Ang pananalig na ito ang nagbibigay katatagan, pang-unawa at kabanalan upang makita niya ang buhay sa isang makatotohanang pananaw nito. Ang babaing Muslim ay nagsasagawa ng Salah (pagdarasal) sapagka't ito ang pinakadakila at pinakamabuting gawain ng sinumang nilikha. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi na ang pinakamamahal na gawain para sa Allah ay ang pagsasagawa ng pagdarasal sa tamang oras nito. Ang pagdarasal ay siyang tuwirang ugnayan ng isang tao bilang alipin ng Dakilang Diyos. Ang Salah (pagdarasal) ang pinagmumulan ng lakas, awa, patnubay katatagan, paggalang at katiwasayan ng kalooban. Ito ang paraan ng paglilinis ng mga kasalanan at nagiging daan ng pagpapakumbaba at pagsisisi.

Ang Tungkulin ng Babaing Muslim sa kanyang Sarili.

Ang Islam ay nag-aanyaya sa mga Muslim na maging kaaya-aya sa pangingin ng tao sa pamamagitan ng kanyang maayos na pananamit, malinis na pangangatawan, mabuting asal at ugali upang siya ay maging huwaran at maging tunay na halimbawa na karapat-dapat maghatid ng mensahe sa sangkatauhan. Ang Qur'an ay nagsabi:

“O, mga anak ni Adam (Adan), magsuot kayo ng inyong palamuti (magagandang damit) sa bawa't (oras at) pook ng pagdarasal: kumain at uminom: nguni't huwag magmalabis sapagka't hindi Niya minamahal ang mga mapaglustay.”¹

Ang pagtataguyod ng kagandahan at kaayusan ng isang babaing Muslim ay hindi nahuhulog sa bitag ng pagpapakita ng kanyang kagandahan sa ibang tao maliban sa kanyang asawa at mga kamag-anakang hindi niya

¹. Qur'an 7:31

maaaring mapangasawa. Ang kanyang pagpapaganda at pag-aayos ay hindi lumalabis sa hangganang itinakda ng Islam.

Ang tunay na Muslim ay nangangalaga hindi lamang ng kanyang gandang panlabas kundi ang kanyang kaisipan. Ang isang tao ay binubuo ng kanyang isip, puso at dila. Ito ay nangangahulugan na kung ano ang kanyang iniisip at kung ano ang kanyang sinasabi. Kaya, napakahalaga ng pangangalaga sa isip at ang pagbibigay ng mahahalagang kaalaman. Ang Muslim, babae man o lalaki ay may tungkuling humanap ng kaalaman upang mapaunlad nito ang kanyang sarili sa lahat ng aral ng Islam. Ang Propeta ay nagsabi:

“Kung sinuman ang nagkait at hindi namahagi ng mabuting kaalaman sa mga nangangailangan ay mapaparusahan sa Apoy ng Impiyerno sa Araw ng Paghuhukom.”²

Hindi nakakaligtaan ng isang babaing Muslim ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba’t ibang uri ng pagsamba, pagbibigay alaala sa Diyos, panalangin, at pagbabasa ng Banal na Qur’an. Katulad ng pangangalaga sa kanyang katawan at kaisipan, pinahalalagahan din niya ang kanyang kaluluwa sapagka’t nauunawaan niya na ang tao ay isang katawan, kaisipan at kaluluwa. Palagian siyang nagsisisi bilang paglilinis ng kanyang kaluluwa at siya ay nakikipag-ugnayan lamang sa mga matutuwid at mabubuting tao upang mapaunlad niya ang kanyang mabuting pag-uugali.

Ang Tungkulin ng Babaing Muslim Bilang isang Anak.

Ang isang kaaya-ayang katangian ng isang babaing Muslim ay ang kanyang kabaitan, walang sawang paglilingkod at paglingap sa kanyang mga magulang. Ang karapatan ng magulang ay nagpapahiwatig ng ganap na pagsunod sa kanila. Ang pagsunod na ito ay nararapat na umaalinsunod sa Kautusan ng Allah (ﷻ). Ito ay pagpapahiwatig din ng

² Iniulat ni Darimee

pantay na pakikitungo sa mga magulang sa pagbibigay ng tulong at pag-aasikaso. Ang isang anak, lalaki man o babae, ay nararapat na bigyan ng sapat na pangangailangan ang kanilang magulang katulad ng pagkain, pananamit at maayos na pamamahay. Ang isang anak na lalaki o babae ay nararapat na magpakita ng kababaang-loob at paggalang sa kanyang mga magulang. Ang mga anak ay hindi dapat magpakita ng anumang pagmamataas laban sa kanyang mga magulang. Ang mga anak ay nararapat magpakita ng matimyas na damdamin, pagtitiis at pagtitiyaga sa panahon ng pangangalaga sa kanila at nararapat na unawain ang kanilang mga damdamin. Ang Banal na Qur'an ay nagsabi :

“Ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kayong dapat sambahin maliban sa Kanya, at kayo ay (napag-utusang) maging mabait sa inyong mga magulang. Kung ang isa o kapwa ay nasa gulang ng katandaan ng kanilang buhay, huwag magsabi ng anumang may bahid ng pagkamuhi o di kaya sila ay pagdabugan, bagkus sila ay tawagin sa diwa ng paggalang.”³

Bilang tanda ng pagmamahal sa magulang kahit na sila ay buhay pa o patay na, maraming bagay ang dapat gawin para sa kanilang kabutihan, tulad halimbawa ng:

1. Laging hilingin sa Allah ang kanilang kapatawaran.
2. Kahit yumao na ang mga magulang, makipag-ugnayan sa kanilang malalapit na kamag-anak nang may kabaitan.
3. Igalang at maging mabait din sa kanilang mga kaibigan.
4. Magbigay ng kawanggawa para sa kanila kahit sila ay yumao na sapagka't ang kawanggawa na ipinamahagi para sa kanila ay nakababawas sa mga kasalanang kanilang nagawa noong sila ay nabubuhay pa.

At batay din sa isang Hadith mula sa Sugo ng Allah (ﷺ):

³ Qur'an 17:23

“Ang kasiyahan ng Allah (sa tao) ay batay sa kasiyahan ng mga magulang . Gayundin naman, ang galit ng Allah (sa isang tao) ay batay sa galit ng magulang.”⁴

Narapat ding maging masunurin sa mga magulang kahit hindi pa Muslim, maliban lamang kung ang kanila ipinagagawa ay pagsuway sa kautusan ng Allah(ﷻ). Ito ay batay sa utos ng Sugo ng Allah (ﷻ) na isinalaysay ni ‘Aishah, ang asawa ng Sugo ng Allah (ﷻ). *‘Nang hindi pa Muslim ang aking ina, siya ay dumalaw sa akin. Tinanong ko ang Sugo ng Allah tungkol sa pagdalaw ng aking ina (paano ang pakikitungo sa kanya). Ang aking ina ay nasasabik na dumalaw sa akin. Dapat ko bang pakitaan ng kabaitan at pag-asikaso?’* Ang Sugo ng Allah (ﷻ) ay nagsabi: *“Ang ina ay dapat bigyan ng higit na kabaitan, pagmamahal at pangangalaga⁵”*.

Ito ay batay pa rin sa payo ng Sugo ng Allah (ﷻ):

“Isang lalaki ang lumapit sa Sugo ng Allah at nagtanong, ‘O, Sugo ng Allah, sino ba ang higit na karapat-dapat kong pakisamahan sa mga tao? Ang Sugo ng Allah ay sumagot,” Ang iyong Ina’ (Ang lalaki ay muling nagtanong), Sino ang sumunod na taong karapat-dapat kong pakisamahan? Ang Sugo ng Allah ay sumagot, ang iyong Ina.’ (Ang lalaki ay muling nagtanong sa ikatlong pagkakataon), Sino ang sumunod? ang Sugo ng Allah ay nagsabi: Ang iyong Ina’. (At sa ika-apat na pagtatanong), sino ang sumunod? Ang Sugo ng Allah ay sumagot, ‘Ang iyong ama⁶.”

Ating mapapansin na ang Sugo ng Allah (ﷻ) ay nagbigay ng tatlong bahagi sa larangan ng pakikisama at pakikitungo sa isang ina

⁴ **Tirmidhi**

⁵Bukhari Hadith bilang 2227, Muslim Hadith bilang 2584 at Tirmidhi Hadith bilang 1959.

⁶Bukhari Hadith bilang 2227, Muslim Hadith bilang 2584. (Ang talaibabaan bilang 5 at 6 ay magkaugnay)

samantalang binigyan lamang ng isang bahagi ang ama. Ang kaukulang bahaging ito ay ipagkaloob sa ina nang dahil sa hirap at pagdurusang dinanas niya sa pagdadalang-tao, sa oras ng panganganak, at pag-aaruga sa mga anak. Ito ay batay sa pahayag ng Banal na Qur'an:

“At Aming ipinag-utos sa tao na maging masunurin at mabait sa kanyang mga magulang; sa hirap (at dusa) ang kanyang ina ay nagpasan at sa pighati siya ang nagluwal (nagsilang) sa kanya...”⁷

Ang ina ang siyang nagdala ng sanggol sa sinapupunan nito hanggang siyam na buwan. Habang nasa sinapupunan ang anak, ang pagkain ay nagmumula sa ina nito. Tunay na ang ina ay dumanas ng ibayong hirap at pagpapakasakit. At sa pagluwal ng sanggol, ang ina pa rin ang nagdurusang pangangalaga, pagpapasuso, at pagpapalaki ng anak. Kaya naman, sinabi ng Propeta Muhammad na: *“Ang Paraiso ay nasa paanan ng inyong ina.”* Bilang muslim, isa sa dahilan ng pagpasok sa Paraiso ay ang pagmamahal sa ating magulang lalo na sa ating ina na nagpapakasakit mula sa sinapupunan, kamusmusan hanggang sa ating paglaki.

Ang Karapatan ng Babaing Muslim sa kanyang Asawa.

Ang *“Mahr”* o handog ay itinakdang karapatan ng babae sa kanyang mapapangasawa. Ang kasunduan sa kasal ay hindi ganap kung wala ang Mahr. Ang *Mahr* ay nananatiling isang tungkulin kahit na ang babae ay nagpaubaya dito maliban na lamang kung ang kasunduan sa kasal ay naganap na. Pagkaraang bigyang kaganapan ang kasunduan, ang asawang babae ay maaaring magparaya ng kanyang karapatan sa *Mahr*. Ito ay batay sa kautusan ng Banal na Qur'an:

“At ibigay sa mga kababaihan (na inyong pakakasalan) ang kanilang Mahr nang taos-puso nguni't kung sila sa kanilang sariling pagkukusa

⁷ Qur'an 46:15

ay kanilang ibalik sa inyo ang anumang bahagi nito (Mahr), ikasiya ito nang walang pangamba sa anumang kamalian.”⁸

- **Pantay at Makatarungan**

Ang dalawang prinsipyong ito ay dapat maisakatuparan kung ang lalaki ay may dalawa o higit pang asawa. Ang mga asawa ng lalaki ay may karapatan sa pantay at makatarungang pangangalaga. Kaya, ang isang lalaki na nakapag-asawa nang higit sa isa ay nararapat na bigyan ng kaukulan at pantay na pansin ang lahat ng kanyang asawa. Dapat silang bigyan ng magkatulad na tahanan, pananamit at pantay na panahon na dapat gugulin sa bawat isa sa kanila. Kung ito ay hindi niya magampanan, ang lalaki ay magiging di-makatarungan at di-pantay. Ito ay batay sa aral ng Sugo ng Allah (ﷺ):

“Sinuman ang nag-asawa ng dalawa at hindi niya ito pinakitunguhan nang pantay (di makatarungan), siya ay darating sa Araw ng Paghuhukom na nakalaylay ang kalahati ng kanyang katawan.”⁹

- **Pagtataguyod sa Pananalapi**

Ang asawang lalaki ay nararapat magbigay ng pananalaping pagtataguyod sa kanyang asawa, pamilya at mga anak. Siya ay nararapat na magbigay ng bahay at magandang kalagayan para sa kanyang pamilya. Dapat siyang magbigay ng lahat ng mga pangunahing pangangailangan ng kanyang mga asawa at buong kapamilya, gamot, pananamit at iba pang mahalagang bagay. Nararapat niyang ipagkaloob ang lahat batay sa kanyang kakayahan at hangganan. Ito ay batay sa kautusan ng Banal na Qur'an:

“Hayaang ang taong nakaririwasa na gumugol ayon sa kanyang kakayahan : at ang taong mahirap ay hayaan siyang gumugol ayon sa

⁸ Qur'an 4:4

⁹ Hadith Nasaiee

ipinagkaloob ng Allah sa kanya. Hindi nagbibigay pasanin ang Allah sa kaninumang tao nang higit sa ipinagkaloob Niya sa kanya. Pagkaraan ng kahirapan, may kaghinhawahang ibibigay ang Allah.”¹⁰

- **Pantay na Panahon at Pagniniig**

Isa sa pinakamahalagang karapatan ng isang asawang babae sa kanyang asawa ay ang pagkaloob sa kanya ng isang tapat na ugnayan at pakikipagniig sa kanya at ang paggugol ng kaukulang panahon sa kanyang mga anak. Ang Batas ng Islam ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng maayos na ugnayang pang mag-asawa. Ang karapatan ng asawang babae ay nararapat na panatilihin habang panahon. Ang babae ay nangangailangan ng isang mapagmahal at maalalahaning asawa na nagbibigay katuparan sa kanyang pangunahing kailangan. Kung ito ay hindi magagawa, maaaring ito ang sanhi ng pagkawasak ng kanilang ugnayan bilang mag-asawa. Nawa’y pangalagaan tayo ng Allah (ﷻ) mula sa ganitong kalagayan.

- **Pangangalaga ng mga Lihim ng Asawa**

Hindi dapat ipagmarali o ipagsabi ang kakulangan o kapintasan ng kanyang asawa. Ang mag-asawa ay nararapat na itago ang lahat ng kanyang nakikita o naririnig mula sa kanyang asawa bilang kanilang mga lihim na hindi dapat malaman ng sinuman. Ang lahat ng ugnayang pakikipaniig ay hindi dapat ipagsabi bagkus ito ay dapat sarilinin at pangalagaan. Ang ugnayan bilang mag-asawa ay banal na ugnayan ayon sa Relihiyong Islam at hindi dapat mabahiran ng anumang kasamaan. Ito ay batay sa aral ng Sugo ng Allah (ﷻ):

“Isa sa pinakamasamang kalagayan sa paningin ng Allah sa Araw ng Paghuhukom ay yaong lalaking nakipagniig sa kanyang asawa at pagkaraan ay ipinagsabi ang mga lihim ng kanyang asawa sa iba.”¹¹

¹⁰ Qur’an 65:7

¹¹ Hadith, Muslim

- **Pantay at Mabait na Pakikitungo**

Ang pagiging makatarungan at pantay ay dapat panatilihin ng asawang lalaki sa pakikitungo sa kanyang mga asawa at pamilya. Siya ay dapat maging huwaran sa pagpapakita ng isang tunay na pangangalaga, kabaitan at ang kakayahan sa paglutas ng anumang suliranin ng kanyang pamilya.

- **Pangangalaga at Pag-iingat**

Ang asawang lalaki ay nararapat na pangalagaan ang kanyang asawa at pamilya laban sa anumang panganib. Hindi niya dapat pahintulutan na magtungo sila sa mga masasamang kapaligiran. Batay sa pahayag ng Banal na Qur'an:

“O kayong mananampalataya ! Iligtas ang inyong sarili at ang inyong pamilya laban sa Apoy na ang panggatong ay tao at bato, dito ay may mga nagbabantay na mababagsik at mahihigpit na mga anghel na hindi sumusuway sa Kautusan ng Allah, nguni't ginagawa kung ano ang ipinag-uutos.”¹²

Ang asawang babae ay nararapat na pangalagaan ang mga ari-arian, kayamanan at pansariling kagamitan ng kanyang asawa. Ang asawang lalaki ay hindi dapat umabuso o maglustay sa anumang salapi ng kanyang asawa nang walang pahintulot. Ang lalaki ay hindi dapat gumawa ng anumang pakikipagkasundo kaugnay ng mga pananalaping pag-aari ng kanyang asawa nang wala siyang pahintulot.

Ang Tungkulin ng Babaing Muslim sa kanyang mga anak.

Ang mga karapatan ng mga anak ay marami. Unang-una na rito ay ang karapatan nilang magkaroon ng isang marangal at mapayapang buhay; at ang pagkakaroon nila ng mga magagandang pangalan. Sila ay

¹² Qur'an 66:6

may karapatan sa lahat ng mga pangangailangan ng buhay na binubuo ng maayos na tahanan at pagkain, maayos na edukasyon at tamang pangangalaga. Sila ay nararapat na magkaroon ng magandang pag-uugali at kilos; at pangalagaan sila laban sa lahat ng masasamang asal at gawa katulad ng pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, inggit, pagkukunwari at iba pang di kaaya-ayang ugali. Ito ay batay sa aral na ipinag-utos ng Sugo ng Allah (ﷺ):

“Sapat na kasalanan ang pagpapabaya sa mga dapat tangkilikin, na sila ay hindi pinagkakalooban ng kaukulang pangangalaga at pagpapalaki.”¹³

Higit sa lahat, ang mga anak ay may karapatan para sa makatarungan at pantay na pakikitungo. Walang isang anak na dapat bigyan ng higit na pangangalaga kaysa sa ibang anak hinggil sa mga regalo, at pagmamahal upang maiwasan ang pagseselos (hinggil sa pamana, ang lalaki ay naiiba sa babae). Lahat ng anak ay dapat pantay na pakitunguhan nang may kabaitan at magandang asikaso. Ang di makatarungang pakikitungo sa mga anak ay nagbubunga ng masamang pag-uugali sa pakikitungo ng mga ito sa kanilang mga magulang pagdating ng katandaan. Ito ay batay sa isang Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ) nang minsan may isang tao ang lumapit sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagwika: *‘O Sugo ng Allah, nais kong ikaw ay makibahagi sa (kasayahan ng pagbibigay ko ng regalo sa) isa sa aking mga anak at nais kong ikaw ay maging saksi para dito’*. Nang marinig ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang pakiusap ng tao, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtanong:

“Inihahandog mo ba ang regalo sa lahat ng iyong mga anak? Ang tao ay sumagot. Hindi! Ang Sugo ng Allah ay nagbigay puna. “Samakatuwid, humanap ka ng iba na sasaksi sa iyong pagbibigay regalo sapagka’t ako ay hindi sasaksi sa isang hindi makatarungan at hindi pantay na pakikitungo. Maging masunurin (at matakot) sa Allah.

¹³Hadith Abu Dawud

Maging makatarungan at maging pantay ang pakikitungo sa iyong mga anak.”¹⁴

Ang Tungkulin ng Muslim (lalaki man o babae) sa kanyang mga Kamag-anakan, Kapitbahay, Kaibigan at Kapatid sa Pananampalataya.

Ang mga kamag-anak ay may natatanging pagpapahalaga sa Islam. Ito ay nagbibigay paalaala na tayo ay nararapat maging mabait at maasikaso sa kanila. Ang mayamang Muslim, lalaki o babae man, ay may tungkuling bigyan ng kaukulang asikaso ang kanyang mga kamag-anak. Nangunguna na rito yaong mga malalapit na kamag-anak.

Ayon sa aral ng Islam, ang isang Muslim ay nararapat na makibahagi sa mga pangangailangan ng mga kamag-anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahit maliit na tulong sa kanila sa mga panahon ng kahirapan at kalungkutan. Ito ay batay sa aral na ipinag-utos ng Banal na Qur'an:

“O, sangkatauhan! Matakot sa inyong Panginoon, na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang tao (Adan), at mula (kay Adan) nilikha Niya ang asawa nito, at mula sa kanilang dalawa, ay nilikha Niya ang maraming kalalakihan at kababaihan; (kaya) matakot sa Allah, na sa Kanya kayo ay humingi (ng inyong karapatan) at (huwag ninyong putulin ang ugnayan) ng mga sinapupunan (pagkakamag-anakan) (sapagka't) katiyakang ang Allah ay Lagi nang Ganap na Nagmamasid sa inyo (lahat).¹⁵”

Katotohanan pa nito, iminumungkahi ng Islam sa isang Muslim na maging mabait sa kanilang mga kamag-anak kahit pa ang mga ito ay hindi mabait sa kanya o kahit sila ay hindi muslim. Inuutusan ng Islam

¹⁴ Hadith Bukhari at Muslim

¹⁵ Qur'an 4:1

ang bawa't Muslim na patawarin ang sinumang nagkasala sa kanyang mga kamag-anakan maging ang mga ito ay mapaghiganti sa kanya. Iminumungkahi rin ng Islam na maging malapit ang kalooban sa mga kamag-anak kahit pa ang mga ito ay kumikilos ng taliwas sa kanya. Ito ay batay sa aral na sinabi ng Sugo ng Allah(ﷻ):

“Ang isang tao na nagtatag ng magandang ugnayan sa kanyang angkan ay ginantimpalaan. Ang isang tunay na mabuting makipag-ugnayan (sa kanyang mga kamag-anakan) ay isang tao na mabuti pa rin sa kanyang mga kamag-anak bagama't ang mga ito ay tumalikod sa ugnayan sa kanya.”

Nagbigay babala ang Islam laban sa pagtalikod sa ugnayang pang kamag-anakan. Ito ay isinasaalang-alang ng Islam bilang isang mabigat at malaking kasalanan. Ito ay batay sa pahayag ng Banal na Qur'an:

“Samakatuwid, kayo ba ay gagawa ng kabuktutan sa lupa at putulin ang ugnayang pagkamag-anakan kung kayo ay bigyan ng kapangyarihan ? Sila yaong mga isinumpa ng Allah kaya't sila ay ginawang mga bingi at binulag ang mga paningin.”¹⁶

1. Ang Karapatan ng mga Kapitbahay

Batay sa Banal na Qur'an, ang Allah (ﷻ) ay nag-utos tungkol sa pakikipag-ugnayan para sa mga kapitbahay.

“Sambahin ang Allah, at huwag magbigay katambal ng sinuman sa Kanya at gumawa ng mabuti sa inyong mga magulang, kamag-anakan, mga ulila, mga dukha, mga kapitbahay na kamag-anak, mga kapitbahay na dayuhan, ang (inyong mga) kasamahan na katabi, ang mga naglalakbay (na inyong makasalubong) at sinumang nasa ilalim ng

¹⁶ Qur'an 47:22-23

inyong kapangyarihan. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mapagmataas, ang mapagyabang.”¹⁷

Iniulat ng Sugo ng Allah (ﷻ) ang mga karapatan ng kapitbahay:

“Alam ba ninyo ang mga karapatan ng isang kapitbahay? (Ito ay ang mga sumusunod): Kung ang kapitbahay ay humingi ng iyong tulong, ipagkaloob ito sa kanya. Kung ang kapitbahay ay umuutang sa iyo, pautangin ito (kung may kakayahang pautangin). Kung ang kapitbahay ay isang mahirap, tulungan siya ng pananalapi at tulungan sa kanyang kahirapan (kung ito ay inyong makakayanan). Kung ang kapitbahay ay maysakit, dalawin siya (at tulungan sa kanyang kalagayan). Kung ang kapitbahay ay maligaya sa isang kapakinabangan, batiin siya. Kung ang kapitbahay ay nagdurusa, mag-alay ng pakikiramay. Kung ang kapitbahay ay namatay,(ang mga kalalakihan ay nararapat makipaglibing (kung may kakayahan). Huwag itaas ang paggawa ng bahay na maaaring humadlang ang pagpasok ng araw at hangin sa kanila. Huwag gambalain ang kapitbahay sa mga amoy ng niluluto maliban lamang kung bibigyan ito ng pagkaing niluto. Kung kayo ay namili ng mga prutas (samantalang siya ay walang kakayahang bumili) bigyan siya kahit na kaunti lamang. Kung hindi mo nais na bigyan siya, dalhin o ipasok sa tahanan na di ito namamalayan. Huwag hayaan ang iyong anak pagkaraan nito na dalhing palabas ang prutas at ipagmarali sa anak ng kapitbahay.”¹⁸

Karagdagan pa nito, ang Islam ay nagbigay ng tatlong uri ng kapitbahay ayon sa mga sumusunod:

- **Ang Kapitbahay na Kamag-anak na Muslim.**

Ang ganitong uri ng kapitbahay ay may tatlong karapatan sa iyo. Ang karapatang pangkamag-anakan, ang karapatang pangkapitbahay, at ang karapatan bilang isang Muslim.

¹⁷ Qur'an 4:36

¹⁸ Hadith Al Karaitee

- **Ang Kapitbahay na Muslim.**

Ang ganitong uri ng kapitbahay ay may dalawang karapatan; - ang karapatan bilang kapitbahay, at ang karapatan bilang Muslim.

- **Ang Kapitbahay na di-Muslim.**

Ang ganitong kapitbahay ay may isa lamang karapatan; -ang karapatan bilang kapitbahay. Minsan, si Abdullah ibn Am'r (رضي الله عنه), isang kilalang kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷻ) at iskolar na Muslim ay dumating sa kanyang bahay. Natagpuan niya na ang kasama niya sa bahay ay nagkatay ng isang tupa. Kaagad siyang nagtanong, "Binigyan ba ninyo ng tupa ang ating kapitbahay na Hudyo? Narinig ko ang Sugo ng Allah (ﷻ) na nagsabi:

*"Ang Anghel Gabriel ay palagiang nagbibigay payo sa akin (na maging mabait ako sa aking kapitbahay) hanggang naisip ko na baka nais niya na ang aking kapitbahay ay gawin kong isa sa aking tagapagmana."*¹⁹

2. Ang Karapatan ng mga Kaibigan

Ininasaalang-alang ng Islam ang mga karapatan ng isang kaibigan at ito ay nagtakda ng mga alituntunin na dapat gampanan para sa isang kaibigan. Katulad halimbawa ng mabuting pakikitungo at ang tapat na pagpapayo dito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

*"Ang pinakamabuting mga kaibigan sa paningin ng Allah ay yaong naghahatid ng kabutihan sa kanyang kasama, at ang pinakamabuting kapitbahay ay yaong mabuting makitungo sa kanyang mga kapitbahay."*²⁰

Karagdagan pa nito, itinuturo din ng Islam ang mga tungkulin ng isang mabuting kaibigan. Ito ay batay sa pamamatnugot ng Propeta ng Allah (ﷺ):

¹⁹ Tirmidhi

²⁰ Tirmidhi

“Ang pinakamabuting kaibigan at ang pinakamabuting kapitbahay ay ang pinakamabuti sa kanila.”²¹

3. Ang Karapatan ng mga Dukha at Mahihirap :

Ang mga dukha at mga kapus-palad ay may tiyak na karapatan sa Islamikong pamayanan. Sa katunayan, kinalulugdan ng Allah (ﷻ) ang mga nagpapakasakit para sa Kanyang Landas sa pamamagitan ng pagtulong sa mga maralita at dukha sa Islamikong bayan. Ito ay batay sa salita ng Banal na Qur'an:

“At sila sa kanilang yaman ay may kinikilalang karapatan para sa namamalimos at maralita.....”²²

Itinuturing ng Islam ang mga kawanggawa sa mga dukha at mahihirap bilang mga pinakamabuting gawain.

“Hindi (isinasaalang-alang na) isang kabutihan o kabanalan ang ilingon ninyo ang inyong mga mukha sa Silangan o Kanluran (sa panalangin), datapwa't ang kabutihan at kabanalan ay ang maniwala sa Allah at sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat at sa mga Propeta (Sugo); at ang gumugol ng yaman dahil sa pagmamahal sa Kanya, para sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga nangangailangan, sa mga naglalakbay (na nagipit), sa mga humihingi, at sa pagpapalaya ng mga alipin; na nagsasagawa ng Salah (Iqamat-as-Salah), at nagkakaloob ng Zakat (katungkulang kawanggawa), at tumutupad sa kasunduan na kanilang ginawa ; at matiisin sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa lahat ng panahon ng pakikipaglaban. Sila ang mga taong makatotohanan at sila ang mga may takot (sa Allah) .”²³

Sa ganitong kadahilanan, ang Zakah ay ipinag-uutos bilang isa sa pinaka-pangunahing saligan ng Islam. Ang Zakah ay itinalagang

²¹ Tirmidhi

²² Qur'an 70:24-25

²³ Qur'an 2:177

bahagdan mula sa mga naipong yaman sa loob ng isang taon. Ito ay buong pusong pagbibigay ng mga Muslim (sa mga maralita at mga nangangailangan) bilang pagsunod sa Kautusan ng Allah (ﷻ). Ang Zakah ay nararapat ipamahagi ng mga Muslim na may kaukulang naipong sapat na halaga. Ito ay batay sa salita ng Allah (ﷻ) sa Banal na Qur'an:

*“At sila ay hindi napag-utusan maliban na sila ay sumamba lamang sa Allah, maging matapat sa pananampalataya sa Kanya, panatilihin malinis (wagas) ang relihiyon para sa Kanya (sapagka't ang tao ay likas na matuwid). At mag-alay ng Salah (pagdarasal) at magbigay ng kawanggawa (Zakat). Ito ang tunay na Relihiyon.”*²⁴

Sadyang kasiya-siya ang pakiramdam ng isang taong tumutulong sa kahirapan ng kanyang kapwa. Isang dakilang gawain ang damahin at tulungan ang mga dukha at maralita. Kalugod-lugod sa paningin ng Allah ang mabuting pakikipag-ugnayan sa mga kapus-palad, sa mga ulila, sa mga maysakit at sa mga nangangailangan. Sa piling ng mga dukha at maralita, ating madarama sa ating puso ang dakilang damdamin at tunay na buhay ng isang mananampalataya sa tanging Diyos.

Ang Tungkulin ng Babaing Muslim sa kanyang Lipunan.

Ipinag-uutos ng Islam sa mga mananampalataya (Muslim) na makibahagi sa dalamhati at pagsubok ng mga kapatid sa Islam sa buong daigdig at inuutusang makipagtulungan sa abot ng kanilang kakayahan. Ang pakikipagtulungan sa kapwa Muslim ay hindi lamang sa isang partikular na lugar bagkus ito ay pandaigdigan at hindi nito isinasaalang-alang ang lugar o layo na namamagitan sa kanila. Ang Sugo ng Allah (ﷻ) ayon sa isang pinagtibay na Hadith ay nagsalaysay ng ganito:

“Ang mananampalataya sa kapwa niya mananampalataya ay katulad ng haligi ng isang gusali. Ang haligi ay nagpapatibay at nagtutuwid sa isa't

²⁴ Qur'an 98:5

isa. Pagkaraan niyang isinalaysay ito, kanyang ipinagdikit ang kanyang mga daliri sa kanyang dalawang kamay.”²⁵

Karagdagan pa nito, isang napakagandang aral ang ating matututuhan sa isang salaysay na ayon sa Sugo ng Allah (ﷺ):

“Iwasan ang hinala. Ang paghihinala ang siyang pinakamalaking kasinungalingan. Huwag ninyong siyasatin ang mga masamang balita, mga pagkukulang at kapintasan ng inyong kapatid. Huwag maniktik sa inyong mga kapatid. Huwag makipagpaligsahan (ng may masamang pag-iisip at layunin) laban sa iyong kapatid. Huwag kamuhian ang iyong kapatid. Huwag kang lumayo mula sa iyong kapatid (sa oras ng kanyang pangangailangan at pakikiramay). O, mga alipin ng Allah, maging mabuting magkakapatid kayo sa isa’t isa katulad ng kautusang ipinag-aanyaya sa inyo. Ang Muslim ay nararapat na maging makatarungan sa kanyang kapatid na Muslim. Hindi niya ito hinahamak at inaalipusta. Hindi niya ito dapat ilagay sa anumang kapahamakan o panganib. Lahat ng bagay na pag-aari ng isang Muslim ay ipinagbabawal na gamitin ng kapwa Muslim (na walang pahintulot) o abusuhin ito (nang walang karapatan). Ang kabutihan (at maging ang kabanalan) ay naririto---itinuro niya ang kanyang dibdib (ang puso). Sapat na kasamaan ang ilagay ang isang kapatid na Muslim sa kapahamakan. Katotohanan, hindi tinitingnan ng Allah ang inyong mga katawan, anyo at ayos kundi Kanyang tinitingnan ang inyong puso, ugali at kilos.”²⁶

Isa pang patnubay ang ipinagkaloob ng Sugo ng Allah (ﷺ) nang ipahayag niya na:

“Ang Muslim ay hindi maaaring maging tunay na mananampalataya hanggang hindi niya nais para sa kapwa niya Muslim ang nais para sa kanyang sarili.”²⁷

²⁵ Hadith Bukhari at Muslim

²⁶ Hadith Muslim

²⁷ Hadith Bukhari

Sadyang napakaganda ng relihiyong Islam. Ito ay nag-uutos na tayo ay dapat lamang sumamba sa Nag-iisang Diyos, ang Allah, na Siyang Lumikha sa tao at sa lahat ng bagay. Ito ang haligi ng ganap na kabutihan. At ito ang unang Kautusan. Ganoon tayo noon. Nagkakaisa at nagtutulungan sa gawang kabutihan at ang ating bayan ay mapayapa. Nguni't, tinangka ng mga manlulupig mula sa iba't ibang lahi (Kastila, Amerikano, Hapon) na agawin, sakupin ang kapisang lupang pamana ng lahing kayumanggi. Tinangka nilang alisin ang dangal ng ating bayan sa pamamagitan ng kanilang kultura at kaugalian. Kaya naman, may mga magigiting na bayani ang nagbuwis ng kanilang buhay upang mapanatili ang ating kasarinlan. Si Lapu-lapu, na isang Muslim ang unang bayani ng ating lahi. Siya ay nakipaglaban upang mapanatili ang Islamikong Pananampalataya. Nakipaglaban din si Dr Jose Rizal, Andres Bonifacio at marami pang iba para sa ating bayan. Hanggang tayo ay nagising na lamang na taglay ang kultura at ugaling banyaga. Saan nga kaya patungo ang bayang Pilipinas? May panahon pa at hindi pa huli ang lahat. Magbalik tayong lahat sa ating pinagmulang kultura at pananalig. Tayo ay magbalik Islam. Hanapin natin ang dating mapayapang buhay.

O, Babaing Pilipina, sadyang ikaw ay sagisag ng isang bulaklak ng Lahing Kayumanggi.

O, Babaing Pilipina, magbalik ka sa iyong pinagmulang lahi. Ikaw ay magbalik Islam. Muli mong sulyapan ang dakilang pamana ng ating lahi. Ito ay naghihintay sa iyo upang muli mong hagkan ang bagong umaga sa dako pa roon ng bayan mong sinilangan.

Ang Mga Pangunahing Aralin Ng Islam

Nais kong ibahagi sa iyo ngayon ang ilang pangunahing aralin na dapat matutunan ng sinumang nagnanais maunawaan ang tunay na mensahe ng Islam. Bagama't ito ang relihiyon ng ating mga ninuno at ang kauna-unahang relihiyon ng ating bansang Pilipinas, marami pa rin ang hindi ganap na nakauunawa sa tunay na aral nito. Marahil, ang isa sa

dahilan kung bakit hindi nabibigyan ng kaukulang pansin ang mensahe ng Islam ay ang kapabayaang ng ilang mga muslim. Hindi sila naging huwaran sa pag-uugali at naging salat sa kabutihang-asal. Ang pagpapalaganap ng Islam ay tungkulin ng isang muslim nguni't higit na tungkulin ang pagkakaroon ng mabuting ugali, kabaitan sa kapwa at makatarungang pakikipag-ugnayan. Kaya naman sa paghahanap ng katotohanan, hindi batayan ang nakikitang ugali o asal ng isang tao at maging ang mga masasamang karanasang nalasap sa kamay ng isang nagngangalang muslim. Sapat na sabihin ko na mayroong kaukulang mga aral ang inihahandog ng Islam bilang patnubay sa Sangkatauhan.

Ang Unang Aralin **Ano ang Islam?**

May makikita ba tayong paliwanag sa kahanga-hangang sandaigdigan? Mayroon bang kapani-paniwalang kahulugan ang lihim ng buhay? Batid natin na walang pamilya na mahusay ang pamumuhay kung walang responsableng pinuno; walang lungsod na mananatiling maunlad kung walang matatag na pamamahala; walang bansang mamamalagi kung walang pamunuan. Batid din natin na walang bagay na nabubuhay ng sarili nito lamang. Alam din natin na ang sandaigdigan ay nananatili at gumagalaw sa pinakamaayos na paraan, at ito'y patuloy na namamalagi nang napakahabang panahon. Masasabi ba natin na ang lahat ng ito ay hindi sinasadya? Mairadahilan ba natin na ang pananatili ng tao at ng buong sandaigdigan ay nagkataon lamang?

Ang tao ay maliit na bahagi lamang sa kabuuan ng napakalaking sandaigdigan. Kung ang tao ay nagpaplano at kanyang pinahahalagahan ang kabutihan ng pagpaplano, samakatuwid, ang sarili niyang buhay at pamamalagi ay batay din sa nakaplanong patakaran. Ito ay nangangahulugan na may isang Kalooban na nagpaplano sa ating pananatili, at may isang Pambihirang Kapangyarihan na lumikha ng mga bagay at pinamamalagi silang kumikilos nang mahusay.

Dito sa daigdig, tiyak na may isang Kahanga-hangang Lakas na kumikilos upang mapanatiling maayos ang lahat ng bagay. Sa kagandahan ng kalikasan, tiyak na may isang Dakilang Lumikha na lumalalang sa

pinakamagandang sining at tumutustos sa lahat ng bagay na may natatanging layunin sa buhay.

Ang mga taong taos-pusong nakauunawa ay kumikilala sa Lumikhang ito at tinatawag Siyang Allah (Diyos). Hindi Siya tao sapagka't ang tao ay hindi kayang makalikha ng ibang tao. Hindi Siya hayop, ni hindi Siya halaman. Hindi Siya idolo, ni hindi Siya istatwa sapagka't isa man sa mga ito ay hindi malilikha ang sarili o ang ano pa man. Siya ay iba sa lahat ng mga ito. Siya ang Lumikha at Tagapanustos sa lahat ng ito. Ang lumikha ng anumang bagay ay tiyak na kakaiba at nakahihigit sa mga bagay na Kanyang nilikha.

Maraming paraan upang makilala natin ang Allah (Diyos), at maraming bagay na masasabi tungkol sa Kanya. Ang mga kahanga-hanga at kagila-gilalas na bagay sa mundo ay tulad ng bukas na aklat na kung saan mababasa ang tungkol sa Allah. Bukod dito, ang Allah ﷻ ang tumutulong sa atin na makilala Siya sa pamamagitan ng maraming Propeta at mga Pahayag na Kanyang ipinadala sa tao. Ang mga Propeta at Pahayag na ito ay nagtuturo ng lahat na dapat nating malaman tungkol sa Kanya.

Ang lubusang pagtanggap sa mga aral at patnubay ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay siyang kabuuan ng relihiyong Islam. Sa Islam, ipinag-uutos ang paniniwala sa kaisahan at kapangyarihan ng Allah na nagbibigay sa tao ng kaalaman sa kahulugan ng sandaigdigan at sa kanyang bahagi dito. Ang paniniwalang ito ay nagbibigay sa kanya ng laya sa lahat ng pangamba at pamahiin sa pamamagitan ng laging paggunita sa Makapangyarihang Allah at ang tungkulin ng tao sa Kanya. Ang pananampalatayang ito ay dapat na ipakita at isagawa. Ang paniniwala ay hindi sapat. Ang paniniwala sa isang Diyos (Allah) ay nangangailangan ng pagtanaw sa sangkatauhan bilang isang pamilya sa ilalim ng kapangyarihan ng Allah, ang Lumikha at Tagapanustos ng lahat. Labis na tinatangihan ng Islam ang kuro-kuro na may natatanging tao. Ang paniniwala sa Allah ﷻ at paggawa ng mabuti ang tanging landas patungo sa Paraiso. Kaya ang tuwirang pakikipag-ugnayan sa Allah ay naisasagawa na hindi na kailangan pa ang tagapamagitan.

Ang Islam ay hindi bagong relihiyon. Ito rin ang mensahe at patnubay na ipinahayag ng Allah ﷻ sa lahat ng mga Propeta. Ang ilan sa

kanila ay sina Adam, Noah, Abraham, Ismael, Isaac, David, Moses at Hesus (as). Nguni't ang mensahe na ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay Islam sa malawak, ganap at pangwakas na anyo. Ang Qur'an ang huling Kapahayagan ng Allah at ito ang saligang pinagkukunan ng aral at batas Islamiko. Ang Qur'an ay nagbibigay ng batayan sa lahat ng bagay: pananampalataya, kagan-dahang-asal, kasaysayan ng sangkatauhan, pagsamba, kaalaman, karunungan, ugnayan ng tao at Diyos, at ugnayang pangkapwa-tao. Sa malawakang pagtuturo nito ay naitatayo ang matatag na paraan sa panlipunang katarungan, karunungang pangkabuhayan, pamahalaan, batasan, hurisprudensiya, at batas sa pakikipag-ugnayang pandaigdigang. Ang "Hadith" ay mga aral, salita at gawa ni Propeta Muhammad (ﷺ) na mainat na inipon at iniulat ng kanyang mga matapat na kasamahan. Ang "Hadith" ay nagpapaliwanag at nagbibigay ng detalye sa mga talata ng Banal na Qur'an.

Mga Pangunahing Paniniwala Sa Islam

Ang tunay at matapat na Muslim ay naniniwala sa mga sumusunod na pangunahing saligan ng pananampalataya.

1. Siya ay naniniwala sa iisang Diyos (Allah), ang Kataas-taasan at Walang Hanggan, Ang Makapangyarihan, Mahabagin, at Madamayin, ang Lumilikha at Tagapanustos.
2. Siya ay naniniwala sa lahat ng Propeta ng Allah nang walang pagtatangi-tangi. Bawa't pamayanan ay nagkaroon ng Tagapagbabala o Propeta mula sa Diyos. Sila ay pinili ng Allah upang turuan ang sangkatauhan at upang ipahayag ang banal na mensahe. Ang Banal na Qur'an ay nagsasaad ng mga pangalan ng dalawampu't limang Propeta. Si Propeta Muhammad (ﷺ) ang panghuling Propeta.
3. Ang Muslim ay naniniwala sa mga Kasulatan at Pahayag ng Allah ﷻ. Ito ang mga patnubay na tinanggap ng mga Propeta upang ipakita sa sangkatauhan ang tamang landas tungo sa Allah. Ang Banal na Qur'an ay may natatanging pagbanggit sa mga kasulatan nina Abraham, Moses, David, Hesus (as). Bago ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) ang Banal na Qur'an, marami sa mga naunang Kasulatan at Pahayag ang nangawala na o binago ng tao. Ang tanging tunay at buong mensahe ng Allah na nananatili ngayon ay ang Banal na Qur'an.

4. Ang Muslim ay naniniwala sa mga Anghel ng Allah. Sila ay mga ispirituwal at mga kahanga-hangang nilikha na likas na hindi nangangailangan ng pagkain, inumin o tulog. Iniuukol nila ang kanilang panahon sa pagsamba sa Allah ﷻ. Sila ay mga mararangal na tagapag-lingkod na may kanya-kanyang tungkulin. Sila ay nangungusap lamang pagkatapos magsalita ng Allah ﷻ, at kumikilos lamang bilang tanging pagsunod sa Kanyang iniuutos.

5. Ang Muslim ay naniniwala sa Araw ng Paghuhukom. Darating ang araw na ang mundong ito ay magwawakas. Ang mga patay ay ibabangon upang humarap sa makatarungang paglilitis. Ang mga taong may magagandang talaan ay mabibigyan ng masaganang gantimpala at sila'y sasalubungin sa Kalangitan ng Allah. At ang mga taong may masasamang talaan ay mapaparusahan at itatapon sa Impiyerno.

6. Ang Muslim ay naniniwala sa Tadhana mabuti man o masama ito. Ang Allah ay nagbibigay sukat at pasiya sa tadhana ng lahat na nilikha ayon sa Kanyang kaalaman at sa Kanyang walang hanggang karunungan. Ang Muslim ay naniniwala sa kapangyarihan ng Allah na magplano at isagawa ang Kanyang plano. Walang magaganap sa Kanyang kaharian na salungat sa Kanyang nais. Ang Kanyang kaalaman at kapangyarihan ay nananatiling umiiral sa lahat ng Kanyang nilikha sa lahat ng sandali. Siya ay maalam at maawain, at ano man ang Kanyang naisin ay may makahulugang layunin. Kung ito ay mailagay sa ating mga isip at puso, tatanggapin natin nang buong pananampalataya ang lahat ng Kanyang loobin kahit ito ay hindi natin maunawaan nang ganap.

Ang Limang Haligi Ng Islam

Sa Islam, ang pananampalataya na walang pagganap at kulang sa pagsagawa ay walang buhay. Ang pananampalataya ay likas na sensitibo at maaaring maging napakamabisa. Nguni't sa sandaling mawalan ng kaukulang pagganap o hindi nagagampanan, ito ay madaling mawalan ng sigla at kakayahang mangganyak.

Ang mga sumusunod ay limang haligi ng Islam.

1. Shahadahtain:(Ang Pagsaksi sa Kaisahan ng Allah at Pagiging Tunay na Propeta ni Muhammad)

Ang panunumpa na walang dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ, at si Propeta Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Propeta sa lahat ng sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang pagiging Propeta ni Muhammad ay nagbibigay tungkulin sa lahat ng Muslim na sundin ang kanyang ulirang pamumuhay bilang halimbawa ng isang mabuti at tunay na mananampalataya.

2. Salah: (Ang Pagdarasal)

Ang pagdarasal ay isinasagawa limang ulit sa isang araw bilang tungkulin sa Allah. Pinatitibay nito ang pananampalataya sa Allah at nagbibigay ito ng inspirasyon upang magkaroon ng mataas na moralidad. Pinadadalisyay nito ang puso at iniwas ang tao sa tukso ng kasamaan.

Ang mga Salah at mga takdang oras ng mga ito:

Salatul Fajr (pagdarasal sa madaling araw)
Salatud Duhr (pagdarasal sa tanghali)
Salatul Asr (pagdarasal sa hapon)
Salatul Magrib (pagdarasal sa takipsilim)
Salatul Isha (pagdarasal sa gabi)

3. Zakah: (Ang Nagpapadalisyay na Limos)

Ang literal na kahulugan ng Zakah ay kadalisan. Ang teknikong kahulugan nito ay ang paglalaan ng taunang halaga sa ano mang uri ng kayamanan o salapi ng Muslim na may kakayahan upang ipamigay sa mga nararapat makinabang. Nguni't ang pangrelihiyon at ispiritual na kahulugan ng Zakah ay higit na malalim at masigla. Ito ay makatao at may panlipunang kahalagahan.

4. Sawm: (Ang Pag-aayuno)

Sa buwan ng Ramadan, simula sa buwang liwayway hanggang sa takipsilim, ang mga Muslim ay umiiwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa. Gayon din, sila ay pangkaraniwan nang umiiwas sa mga masasamang layunin at pagnanasa sa lahat ng buwan ng taon lalung-

lalo na sa buwan ng Ramadan. Ito ay nagtuturo ng pagmamahal, pagkamatapat at pagsamba. Nagdudulot ito ng matatag na pagmamahal sa kapwa, pagkamatiisin, pagkamatulungin at katatagan ng loob.

5. Hajj: (Ang Paglalakbay sa Makkah)

Ito ay dapat maisagawa minsan sa tanang buhay ng sinumang Muslim na kayang tustusan ang paglalakbay at nasa mabuting kalusugan. Ito ang pinakamalaking taunang pagtitipon na kung saan ang mga Muslim ay nagkikita-kita upang magkakilala at pag-aralan at itaguyod ang kapakanan ng lahat. Ito ay isang pagpapatunay sa pangkalahatan ng Islam at sa pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay ng mga Muslim.

Ang Ikalawang Aralin **Hesus: Ang Dakilang Propeta ng Islam**

ANG KAHALINTULAD ni HESUS

Una sa lahat, ang mga Muslim ay nananatili sa paniniwala na ang pagsilang ni Hesus na walang ama ay kahalintulad ng pagkakalikha ng Diyos kay Adan, na walang ama at ina. Ang Banal na Qur'an ay nagpaliwanag:

“Katotohanan: Ang kahalintulad ni Hesus sa (paningin ng) Allah ay si Adan. Siya ay nilikha Niya mula sa alabok. At saka nagwikang (Kun) “Maging” at (Fayakun) “nangyari nga”²⁸”.

Tuwirang tinatalikdan ng Islam ang pagturing kay Hesus bilang “anak ng Diyos”. Kung ang pagsilang ni Hesus na walang ama ang siyang malaking batayan o dahilan upang siya ay tawaging “anak ng Diyos” higit na may karapatan si Adan na tawaging “anak ng Diyos” sapagka’t siya ay isinilang na walang ama at ina. Sa katotohanan, ang Kapangyarihan ng Diyos ay hindi mapag-aalinlanganan. Sa anumang pamamaraan, lumilikha

²⁸ Qur'an 3:59

ang Diyos ng anumang Kanyang naisin. Nilikha niya si Adan ng walang ama at ina. Si Eba ay nilikha mula sa tadyang ng lalaki at walang ina. Si Hesus ay nilikha na walang ama nguni't may ina. Ang karaniwang tao ay nilikha ng Diyos na may ama at ina. Kaya sa Walang Hanggang Karunungan at Kapangyarihan ng Diyos lahat ng bagay na Kanyang itakda ay natutupad at nangyayari. Ang Diyos ay magsabi lamang ng "Maging" at mangyayari nga. Ang pagkakalikha ng Diyos sa iba't-ibang pamamaraan ay tanda lamang na Siya ang dapat pag-ukulan ng Pagsamba at Pagmamahal.

ANG PAGSILANG NI HESUS

Si Hesus ay Propeta ng Diyos na ipinadala para sa mga taga Israel upang mangaral sa tunay na diwa ng pagsamba. Siya ay binigyan ng magandang karangalan sa daigdig at sa kabilang buhay. Ang Banal na Qur'an ay nagpaliwanag na pinili si Maria higit sa lahat ng babae dito sa lupa. Ang Anghel Gabriel ay dumating sa kanya na may magandang balita na siya ay nakatakdang magsilang kay Hesus. Ang magandang salaysay na ito ay matatagpuan sa Banal na Qur'an:

"Tandaan! Nang ang mga Anghel ay nagwika: " O, Maria! Katotohanan, ang Allah ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang Salita mula sa Kanya: ang kanyang pangalan ay Mesiyas, Hesus, anak ni Maria, na may mataas na karangalan sa daigdig na ito at sa kabilang buhay. At siya ay (nasa hanay) ng mga malalapit (sa Allah). Siya ay magsasalita sa tao mula sa kanyang duyan (kamusmusan) at kagulangan. At siya ay nasa hanay ng mga matutuwid. Siya (Maria) ay nagwika: O! aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng anak gayong walang lalaki ang humawak sa akin? Siya ay nagwika: (Kahit na) Ganyan ang Allah, lumilikha ng anumang Kanyang naisin. Kapag Kanyang itakda ang isang bagay, Siya ay magsasabi (lamang) ng "Kun" (Maging) at mangyayari nga.

"At siya (Hesus) ay tuturuan Niya ng Aklat at Karunungan. Ang Torah (Batas) at ang Injeel (Ebanghelyo).²⁹"

²⁹ Qur'an 3:45-48

ANG HIMALA NI HESUS SA BANAL NA QUR'AN

Ang salaysay ng Banal na Qur'an tungkol sa mga Himala ni Hesus ay akmang-akma sa kanyang kabanalan at karangalan. Taliwas sa Bibliya na ang isang himala niya ay ang paggawa ng nakalalasing na inumin (alak).

Sa Banal na Qur'an sanggol pa lamang si Hesus ay nagbigay na siya ng himala. May isang pagkakataon na ang mga tao ay nagtatanong kay Maria kung bakit nagawa niyang magkaanak na ang pag-aakala siya ay masamang babae. At upang patunayan ni Maria na siya ay malinis na babae, hindi siya nagpaliwanag para sa kanyang sarili kundi itinuro niya si Hesus na isang sanggol. Sa pamamagitan ng Himala si Hesus ay nagsalita.

“At kanyang (Maria) itinuro ito (ang sanggol). Sila (mga tao) ay nagwika: “Paano namin makakausap ang isang batang nasa duyan?” Siya (Hesus) ay nagsabi: “Tunay na ako ay Lingkod ng Allah: Ako ay binigyan ng Kasulatan at ginawa Niya akong Propeta..”³⁰”

Si Hesus ay nagpamalas din ng himala sa iba't-ibang pagkakataon. Ang Banal na Qur'an ay nagsalaysay:

“Tunay na ako ay naparito sa inyo na may dalang Palatandaan mula sa inyong Panginoon, na ako ay gagawa para sa inyo mula sa (dakot na) alikabok katulad ng hugis ng ibon “At hihipan ko ito at magiging ibon.” Sa Kapangyarihan ng Allah aking pagagalingin ang ipinanganak na bulag at ketongin. At aking bubuhayin ang patay sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Allah³¹.”

ANG LAYUNIN NI HESUS

Katulad ng nakasaad sa Bibliya, maging ang Banal na Qur'an ay nagbibigay liwanag tungkol sa layunin ni Hesus. Siya ay isinugo na may hangaring gisinging muli ang mga Taga Israel na sa panahong yaon ay

³⁰ Qur'an 19:29-30

³¹ Qur'an 3:49

nagkawatak-watak. Binigyang-diin niya ang pangunahing aral ng Diyos, ang Pagsamba at Pananampalataya sa Diyos. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag tungkol sa aral ni Hesus. Siya ay nagsabi:

“Katotohanan, ang Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon kaya’t Sambahin Siya.”³²

“O, Angkan ng Israel, Sambahin ang Allah, na aking Panginoon at inyong Panginoon. Ang sinumang magtambal sa Allah ay tunay na ipagbabawal ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang Apoy ang kanyang tirahan.”³³

Ang isa pang layunin ni Hesus ay upang bigyang-daan ang pagdating ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

“O, Angkan ng Israel, katotohanang ako ay Sugo ng Allah sa inyo na nagpapatotoo sa Torah (ni Moises) na nauna sa akin at nagbibigay ng magandang balita ng isang Sugo na susunod sa akin na ang pangalan ay tatawaging Ahmad (Ang Ipinagkakapuri)”³⁴.

HESUS, SAKSI SA ARAW NG PAGHUHUKOM

At dahil nga sa paniniwala at pagsamba kay Hesus bilang Diyos ng mga Kristiyano, sa Araw ng Paghuhukom si Hesus ay haharap sa Diyos (Allah). Si Hesus mismo ang magtutuwid sa maling paniniwalang ito. Sa Araw ng Paghuhukom ang Panginoong Diyos (Allah) ay magtatanong kay Hesus. Siya ay magsasabi:

"At (tandaan): Nang ang Allah ay nagwika: O, Hesus, anak ni Maria, Ikaw ba ay nagsabi sa tao: “Gawin ninyo ako at ang aking Ina bilang mga diyos bukod pa sa Allah. Siya (Hesus) ay nagwika: Luwalhati sa Iyo (O, Allah!) Hindi ko maaaring sabihin ang anumang bagay na wala akong karapatan.

³² Qur'an 3:51

³³ Qur'an 5:72

³⁴ Qur'an 61:6

Kung sinabi ko man yaon, ito ay Iyong Batid. Batid Mo ang aking kalooban, gayong ang sa Iyo ay di ko batid. Katotohanan, Ikaw (lamang) ang nakaalam ng mga bagay na lingid. Wala akong sinabi sa kanila maliban kung ano ang Iyong ipinag-uutos: Sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon, at ako ay saksi habang ako ay kasama nila at nang ako ay bawiin Mo, Ikaw ang Tagamasid sa kanila at (tanging) Ikaw ang Saksi sa bawa't bagay.³⁵”

Ang Ikatlong Aralin

Maria : Ang Inspirasyon sa lahat ng Panahon

Bawa't kasaysayang ipinahayag ng Allah ﷻ sa Kanyang Huling Aklat, ang Qur'an, ay naglalayong makapagturo sa tao ng mga aral tungo sa pagiging mabuting mananampalataya. Ang Qur'an ang humahawi ng mga haka-haka, maling kaisipan o pagkilala at maging ang walang katotohanang iniuugnay sa bawa't tao o bagay na itinuturing na may malaking bahagi ng pananampalataya. Kaya't ang Qur'an ay tinawag na *Al Furqan* (isang salita mula sa wikang Arabik na may kahulugan na “Pamantayan”) sapagka't ito ay tumatayo bilang pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan. Ito ang nagsisilbing tagapagpaliwanag ng mga pangyayari o kasaysayan sa nagdaang panahon upang ganap na maituwid ang mga kamalian tungkol dito at muling ibalik sa antas ng katotohanan.

Ang isang halimbawa na binigyan ng liwanag ay ang katotohanan tungkol sa buhay ni Maryam³⁶ (Maria) ang dakilang Ina ni Isa³⁷ (Hesusﷺ)

³⁵ Qur'an 5:116-117

³⁶ Ang pangalan ni Maria sa wikang Arabik ay Maryam. Sa kapakanan ng mga mambabasang di-muslim, ipagpapatuloy ang paggamit ng pangalang “Maria” sa aklat na ito.

³⁷ Ang pangalan ni Hesus sa wikang Arabik ay 'Isa. Sa kapakanan ng mga mambabasang di-muslim, ipagpapatuloy ang paggamit ng pangalang “Hesus” sa aklat na ito. ﷺ (Alayhis salam) ito ay isang salita mula sa wikang arabik na binabanggit tuwing ang pangalan ng

sapagka't ang magandang kasaysayang ipinahayag ng Banal na Qur'an tungkol sa kanya ay makapagdudulot ng higit pang magandang kaisipan hindi lamang sa mga Muslim kundi sa mga Kristiyano na nagmamahal sa kanya. Ang kanyang kalinisan, at wagas na pagsamba ay sadyang maingat na nakatala sa Banal na Qur'an. At ito ay isang palatandaan lamang kung gaano pinarangalan at patuloy na pinararangalan ng relihiyong Islam at ng mga Muslim, ang isa sa mga Dakilang Babae ng Sangkatauhan- si Maryam bint Imran (Maria, ang anak ni Imran).

Sa tatlong kinikilalang relihiyon sa buong mundo--- ang Hudaismo (Judaism), Kristiyanismo at Islam, mayroong tatlong kakaibang pananaw ang isinasaalang-alang ng mga tagasunod nito sa katauhan ni Maria. Sa pananaw ng mga Hudyo, ang pagkakilala nila sa kanya ay sadyang nakapanlulumo sa dahilang si Maria ay itinuturing bilang isang masama o maruming babae na nagkasala ng pangangalunya. Kaya naman, si Hesus ﷺ sa kanilang paningin ay isang anak sa pagkakasala, at samakatuwid, isang huwad na Propeta. Sa panig naman ng ibang sekta ng relihiyong Kristiyanismo, ang pagkakilala nila kay Maria ay sadyang lagpas sa makatuwirang pananaw ng isang mabuting mananampalataya. Siya ay tinaguriang “Ina ng Diyos” sapagka't kinilala naman ang kanyang anak na si Hesus bilang anak ng Diyos o Diyos na nagkatawang-tao.

Sa relihiyong Islam, ang pananaw ng isang Muslim tungkol kay Maria ay nasa makatuwirang pagitan ng relihiyong Hudaismo at Kristiyanismo. Si Maria ay hindi masamang babae tulad ng pagturing ng mga Hudyo at hindi rin naman bilang “Ina ng Diyos” katulad ng pagturing ng ibang Kristiyano. Ang pagkilala ng Muslim kay Maria ay batay sa aral ng Qur'an at Hadith³⁸ ni Propeta Muhammad ﷺ. Si Maria ay isa sa pinakadakilang Babae ng Sangkatauhan. Ang kanyang kasaysayan ay isang

isang Propeta o anghel ay nababanggit. Ito ay isang dua (dalangin) para sa kanila o kanino man sa kanila na nawa'y ipagkaloob sa kanila ang kapayapaan at pagpapala ng Allah.

³⁸ **Hadith**-ito ay mga tinipong mga salita, aral o mga bagay na sinang-ayunan o ipinagbawal ng Sugo ng Allah na si Muhammad ﷺ.

malaking bahagi ng Kapahayagan ng Banal na Qur'an, ang aklat na paulit-ulit na binibigkas at binabasa ng mga Muslim sa kanilang pang-araw-araw na pagsamba sa Dakilang Lumikha.

Bagaman si Propeta Muhammad ﷺ ay mula sa mga Arabong lahi ni Propeta Ismael (isa sa anak ni Propeta Abraham) siya mismo ang nagtanggol at nagbigay patunay sa kalinisan ni Maria at ni Hesus (ang magina na mula sa angkan ng Israel na kung saan naman nagsanga ang lahi ng mga Hudyo). Taliwas sa mga paratang ng mga Hudyo, na dapat sana ay magbigay ng karangalan kay Maria at Hesus dahil iisa ang kanilang pinagugatang lahi. Ang itinakdang magtanggol kay Maria at Hesus ay mula sa lahi ng mga Arabo, si Propeta Muhammad ﷺ.

Sa mahabang panahon, ang hidwaan ng mga Hudyo at Arabo ay patuloy magpahanggang sa ngayon. Subali't, sa kabila nito, ang Banal na Qur'an na ipinagkatiwala kay Propeta Muhammad ﷺ na isang Arabo ay nagpahayag ng isang katotohanan upang bigyang katarungan ang tunay na pangyayaring naganap kay Maria at Propeta Hesus.

Ang kapahayagan ng Banal na Qur'an ay hindi pansariling pagnanasa ng Propeta Muhammad ﷺ kundi isang kautusan sa kanya bilang Huling Sugo para sa Sangkatauhan. Sinunod lamang niya ang anumang kapahayagan ng Allah sa kanya. Kaya, ang Banal na Qur'an ay nagpatunay nito.:

“Sabihin mo (O Muhammad), wala sa akin ang karapatan upang baguhin ito ng ayon sa aking (sariling) pagnanasa. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin³⁹.”

“Kung ninais lamang ng Allah, hindi ko ito magagawang bigkasin (o isiwalat) sa inyo...⁴⁰”

³⁹ Qur'an 10:15

⁴⁰ Qur'an 10:16

“Ito ay bahagi ng mga balita mula sa Al Ghaib (di-nakikita) na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad)...⁴¹”

Ang kasaysayan ni Maria, ang dakilang ina ni Hesus ﷺ ay matatagpuan sa Surah Maryam (Isang Kabanata mula sa Banal na Qur'an) na tumatalakay tungkol kay Maria na sadyang tumatagos sa puso ng sinumang mambabasa. Walang aklat sa buong kasaysayan ang nakapagbigay ng isang magandang damdamin tungkol sa kadakilaan ni Birhen Maria maliban sa Banal na Qur'an, ang Huling Kapahayagan ng Nag-iisang Diyos na ipinagkatiwala Niya sa Kanyang Huling Sugo at Propeta- si Muhammad Ibn Abdullah ﷺ. Walang mata ang hindi luluha sa kabanal-banal at napakagandang salaysay ng Banal na Qur'an tungkol sa Dakilang Babae ng Sangkatauhan-si Maria. Bawa't talatang tumatalakay sa kanyang katauhan ay tigib ng inspirasyon at umaakay sa magandang damdamin ng bawa't taong nagmamahal at may matiim na paghanga sa kanya. Sino pa nga ba ang makapagbibigay ng magandang salaysay kundi ang Isang Tanging Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Siya ay may Ganap na Kaalaman, ang may ganap na Karunungan. Sinumang mambabasa, maging siya man ay Muslim o Kristiyano ay katiyakang hindi mapasusubalian ang karangalang ipinagkaloob ng Dakilang Maykapal-Allah ﷻ kay Maria-ang babaing nagmula sa pamilya ng sangkatauhan. Si Maria ay mula sa angkan ng mga Propeta. Ang kanyang mga magulang ay sina Imran at Hannah Bint Faqoud.

ANG MGA KATANGIAN NI MARIA

Bukod sa Banal na Qur'an, maraming Hadith (mga salita ng Propeta Muhammad ﷺ) ang naglarawan tungkol sa mga katangian ni Maria. Ito ay mga Hadith na pinananaligan at naitala ng kanyang mga kasamahan at napanatili nila sa mahabang panahon.

⁴¹ Qur'an 3:44

Si Tirmidhi, ang isa sa pinananaligang matuwid at pantas na mananalaysay ay nag-ulat na ayon kay Ali bin Abi Talib, sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ na:

“Ang pinakadakilang babae (sa kanyang kapanahunan) ay si Maryam (Maria), ang anak na babae ni Imran, at ang pinakadakilang babae (sa panahon ng Propeta Muhammad) ay si Khadijah (ang kanyang asawa), anak na babae ni Khuwaylid.”

At ayon sa pagtatala ni Ibn Jarir, isinalaysay ni Abu Musa Al Ash’ari na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ na:

“Maraming lalaki ang nakamtan ang ganap na pananalig at (nguni’t) mula sa mga babae, si Maryam (Maria) na anak na babae ni Imran at si Asiyah, na asawa ni Fir’aun (Paraon) ang nakatamo ng kaganapan lamang.”

SI MARIA AT ANG BABAING MUSLIM

Maraming panahon na ang lumipas. Sa makabagong takbo ng buhay, tanging babaing Muslim lamang ang nananatiling may pagkakahalintulad sa pananamit ni Maria. Ipinag-uutos ng Islam sa babaing Muslim bilang isang marangal na mananampalataya na panatilihing maayos ang pananamit sa pamamagitan ng pagkubli sa anumang bahagi ng katawan na maaaring maging sanhi ng kawalan ng dangal at paggalang. Para sa isang babaing Muslim, si Maria ay larawan ng isang marangal na babae na dapat tularan sa gawa, kilos at kaayusan. Siya ay isang inspirasyon na hindi maaaring maglaho magpakailanman sapagka’t siya ay bahagi ng relihiyong Islam-ang pinagpalang relihiyon ng Dakilang Maykapal. Sa aming paglalahad tungkol sa katauhan ni Maria, ang Dakilang Ina ni Hesus, ating matatagpuan ang isang banal na pagsasalaysay na kailanman ay hindi natagpuan sa mga aklat ng ibang relihiyon. Bagaman, ang Kristiyanismo ay isang relihiyon na umiinog sa katauhan ni Hesus at tuwirang umuugnay kay Maria, walang magandang salaysay na maaaring

tunghayan sa pahina ng kinikilala nilang Kasulatan-ang Bibliya. Nguni't, ang Banal na Qur'an, bilang Huling Kapahayagan ng Dakilang Maykapal ay siyang tanging aklat na nagtanggol sa mga maling paratang na iniuugnay sa katauhan ni Maria at ni Hesus. Ito ay palatandaan at isang katotohanan, na higit na may karapatan ang relihiyong Islam na ibantayog sa buong sangkatauhan ang isa sa mga dakilang babae ng Sangkatauhan-si Maria, ang ina ni Hesus, ang Dakilang Propeta at Sugo ng Makapangyarihang Diyos-ang Allah ﷻ.

Ang Ikaapat Na Aralin **Paano Ba ang Pagyakap sa Islam?**

Ang layunin ng munting babasahing ito ay upang ituwid ang maling haka-haka na lumalaganap sa mga nagnanais yumakap ng Islam bilang kanilang pananampalataya. Ang ibang tao ay nahaharap sa isang suliranin dahil sa maling pag-aakala na ang taong nais yumakap ng Islam ay kailangan pa niyang ihayag ang kanyang pagtanggap ng Islam sa kinauukulan o sa isang iskolar na may mataas na katungkulan o sa isang Sheikh o di kaya'y ipaalam muna ito sa husgado o sa ibang sangay ng pamahalaan. Isang pag-aakala rin na ang pagtanggap ng Islam ay may kondisyong magkaroon ng sertipiko o kasulatang pinagtibay ng mga awtoridad bilang pagpapatunay ng pagpasok sa Islam.

Nais naming linawin na ang lahat ng bagay hinggil dito [pagpasok sa Islam] ay napakadali at isa man sa mga naturang kondisyon o obligasyon ay hindi kailangan sapagka't taglay ng Dakilang Allah ang lahat ng pang-unawa at lubusan Niyang batid ang lihim ng bawa't puso. Gayon pa man, ipinapayo sa sinumang nagnanais tumanggap ng Islam, bilang kanyang pananampalataya, na iparehistro ang sarili sa kinauukulang ahensiya ng pamahalaan. Ito ay maaaring makatulong sa maraming bagay kasama na rito ang posibilidad ng pagsagawa ng *Umrah* at *Hajj* sa hinaharap.

Sinuman ang may tunay na hangaring maging isang Muslim, at may ganap na pananalig at matatag na paniniwala na ang Islam ay siyang tunay na relihiyong itinakda ng Allah sa sangkatauhan, magkagayon, siya ay dapat

magpahayag lamang ng kanyang **“Shahadah”** (ang pagpapahayag ng pananampalataya) nang walang pagpapaliban: *“Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at Huling Sugo”*. Binigyang-linaw sa Banal na Qur’an ang tungkol dito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Katotohanan, ang relihiyon sa (paningin ng) Allah ay Islam⁴².”

Sa ibang talata ng Banal na Qur’an, ipinahayag ng Allah (ﷻ):

“At sinumang maghangad ng relihiyon maliban sa Islam, kailanman hindi ito tatanggapin sa kanya, at sa kabilang buhay siya ay mabibilang sa mga taong talunan.⁴³”

Gayundin, ang Islam ang tanging relihiyon na mananaig sa lahat ng ibang relihiyon. Ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag sa Banal na Qur’an:

“At Aming inihayag sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (Banal na Qur’an) nang may katotohanan, na nagpapatunay sa (mga) kasulatang nauna rito, at isang saksi sa mga ito.⁴⁴”

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi:

“Ang Islam ay nakabatay sa limang haligi: Ang pagsaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Kanyang Sugo at alipin, ang pag-aalay ng Salah (pagdarasal), ang pagbibigay ng Zakat (itinakdang kawanggawa), ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, at ang pagsagawa ng Hajj.”

Ang *Shahadah* ay binibigkas katulad ng sumusunod:

“ASH-HADU ALLAA ILLAAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUHU.”

Ang kahulugan sa wikang Pilipino ay:

⁴² Qur’an 3:19

⁴³ Qur’an 3:85

⁴⁴ Qur’an 5:48

“AKO AY SUMASAKSI NA WALANG TUNAY NA DIYOS NA DAPAT SAMBAHIN MALIBAN SA ALLAH, AT AKO AY SUMASAKSI NA SI MUHAMMAD AY KANYANG ALIPIN AT SUGO.”

Gayunman, hindi sapat sa sinuman na bigkasin lamang ang *Shahadah* sa bibig maging sa lihim o hayagan, bagkus dapat niya itong paniwalaan nang buong puso at may matibay na pananalig at matatag na pananampalataya. Kung siya ay tunay at tapat na tumutupad sa mga katuruan ng Islam sa kanyang buhay, matatagpuan niya ang kanyang sarili na katulad ng isang bagong silang na sanggol.

Ito ang magdadala sa kanya sa higit pang pagpupunyagi at pagsisikap na paghusayin ang kanyang pag-uugali na siyang maglalapit sa kanya sa ganap na katiwasayan. Ang liwanag ng kanyang pananampalataya ang magpupuno sa kanyang puso hanggang sa siya ay maging huwaran ng pananampalatayang ito.

Ano ang susunod pagkatapos ng pagpapahayag ng pananampalataya (*Shahadah*) at maging isang Muslim? Dapat niyang malaman ang tunay na konsepto o diwa na napapaloob sa pagpapatotoong ito na nangangahulugan ng Kaisahan ng Allah at pagtanggap na si Propeta Muhammad (ﷺ) bilang huli sa mga Propeta at Sugong ipinadala ng Allah, at ang pagtugon sa mga kinakailangan nito. Nararapat siyang kumilos nang tama at isagawa ang mga alituntunin ng Islam maging sa salita at sa gawa.

Ano ang ibig sabihin ng mga katagang napapaloob sa *Shahadah*? Ang pinakamahalagang dapat malaman ng bawa't Muslim ay ang katotohanang walang Diyos maliban sa Allah (ﷻ). Siya ang nag-iisang Tunay na Diyos, at Siya lamang ang karapat-dapat sambahin sapagka't Siya ang nagbibigay buhay, ang Tagapanustos, at ang Tagapangalaga ng sangkatauhan at ng lahat ng nilikha mula sa Kanyang walang hanggang biyaya. Tanging Siya ang dapat pag-ukulan ng pagsamba at wala ng iba.

Ang ikalawang bahagi ng *Shahadah*: **WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUHU**, ay nangangahulugan na si Propeta Muhammad ay alipin at piniling Sugo ng Allah. Walang

sinumang dapat magkaroon ng pag-aalinlangan sa bagay na ito. Sa katunayan, ang mga Muslim ay nararapat na sumunod sa mga kautusan ng Propeta, paniwalaan siya sa lahat ng kanyang mga sinabi, sundin ang kanyang mga katuruan, iwasan ang anumang kanyang mga ipinagbawal, at sambahin lamang ang Allah ﷻ nang ayon sa mensaheng ipinahayag sa kanya.

Ano ang kahulugan ng pagsamba? Ito ay nangangahulugan ng tapat na paglilingkod at pagmamahal sa Allah ﷻ. Sa malalim na kahulugan nito, itinatagubilin ang buong pagsuko at ganap na pagsunod sa mga kautusan ng Allah sa salita at sa gawa maging ito ay lantad man o lihim.

Ang pagsamba ay may dalawang uri:

- 1) Nakikita (hayagan o panlabas)
- 2) Hindi nakikita (lihim o panloob)

Ang nakikitang pagsamba ay sumasaklaw sa mga gawa katulad ng pagsasabi ng Shahadah, pag-aalay ng *Salah* (pagdarasal), pagbibigay ng *Zakat* (itinakdang kawanggawa), *Sawm* (pag-aayuno sa buwan ng Ramadan), pagsasagawa ng Hajj, pagbabasa ng Banal na Qur'an, panalangin at pagsusumamo sa Allah, pagbibigay papuri sa Kanya, paglilinis ng katawan bago magdasal, atbp. Ang ganitong uri ng pagsamba ay nangangailangan ng paggalaw o pagkilos ng bahagi ng katawan ng tao.

Ang hindi nakikitang pagsamba ay ang paniniwala sa Allah ﷻ, sa Araw ng Paghuhukom, sa Kabilang Buhay, sa mga Anghel, sa mga Aklat ng Allah, at sa banal na Itinakdang Kahihinatnan (mabuti man o masama). Ang ganitong uri ng pagsamba ay hindi nangangailangan ng pagkilos ng mga bahagi ng katawan ng tao, subali't ito ay may tunay na kaugnayan sa puso ng bawa't isa na sa dakong huli'y makabubuti sa pamamaraan ng kanyang pamumuhay (paniniwala).

Dapat nating isaisip na ang anumang pagsamba na hindi inaalay sa Allah ﷻ ay hindi tatanggapin, sa dahilang ito ay isang uri ng *Shirk* (pagtatambal) ayon sa pananaw ng Islam.

Ang susunod na hakbang ng isang bagong Muslim (matapos magpahayag ng *Shahadah*) ay padalisayin ang sarili sa pamamagitan ng pagligo. Kasunod nito ay ang pagpapasiya sa sarili na sumunod sa lahat ng panuntunan at alituntunin ng Islam sa kabuuan nito. Dapat niyang talikuran ang lahat ng uri ng politeismo (pagsamba sa mga diyus-diyosan) at huwad na paniniwala. Kinakailangan itakwil ang kasamaan at marapat na maging matuwid. Ang ganitong pagtatakwil ng kasamaan at pagiging matuwid ay isa sa mga kinakailangan sa kasabihan sa Islam na **Laa Ilaaha Illallah**.

Ang sabi ng Allah ﷻ sa Banal na Qur'an:

“Sinumang magtakwil sa mga diyus-diyosan at maniwala lamang sa Allah ay humawak sa mapagkakatiwalaang hawakan na hindi mapapatid kailanman...”⁴⁵”

Dapat nating isaalang-alang na ang taos-pusong pagpapahayag ng “walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah,” ay nangangahulugan ng pagmamahal, katapatan, pananalig, at pagsunod sa mga alituntunin ng Islam na sumasaklaw sa lahat ng Muslim.

Isang pangangailangan sa *Shahadah* ay ang magmahal nang dahil sa Allah, at ang magtakwil nang dahil sa Allah ﷻ. Ito ang pinakamatatag na haligi ng pananampalataya na nagpapatupad sa kahulugan ng “*Al-Wala at Al Bara.*” Ito ay nangangahulugan na dapat mahal in ng Muslim nang may katapatan ang kapwa Muslim. Nararapat sa kanya, bilang pagganap sa Islam, na ilayo nang lubusan ang sarili sa mga kaugalian ng mga di-nananampalataya at iwasang mahikayat ng mga ito, (sa anumang gawain at paniniwalang salungat sa Islam) maging ito ay hinggil sa pang-materyal o pang-isperituwal na bagay.

Bilang pagtatapos, idinadalangin namin sa Allah ﷻ na nawa’y linisin Niya ang puso at kaluluwa ng mga taong tunay na naghahanap ng katotohanan, at nawa’y pagpalain Niya ang pamayanan ng mga sumasampalataya sa Kanya. Ameen.

⁴⁵ Qur'an 2:256

محتويات الكتاب :

- 1) لمحة عن وضع المرأة الفلبينية في السابق .
- 2) مكانة وحقوق المرأة في الإسلام .
- 3) عقيدة المسلمين في مريم وعيسى .
- 4) ما هو الإسلام ؟
- 5) كيف تكونين مسلمة ؟